FEBRUARY 2024 ISSUE

IMUS, MAHAL KONG BAYAN

# BANAAG

Official Newsletter Publication of the City Government of Imus

## *Libreng Full Tank para kay Manong TODA, umarangkada*




Libreng full tank gas ang handog nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula at Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula kina manong TODA (Tricycle Operators and Drivers' Association) noong Pebrero 16, 2024 sa Lungsod ng Imus.

Nakasama sa pag-arangkada ang mga TODA driver mula sa iMart, San Roque TODA sa pangunguna ni Ernesto Beltran, at Imus Public Market TODA na pinangungunahan ni Emmanuel Camantigue.


### SOCIAL SERVICE
| Page 1, 2, & 4

*Libreng Full Tank para sa mga Tricycle Drivers
*Operation Hope: Medical Mission ng PAGES
*Sugod Bahay Beneficiary - Dolores Jamera
*Playground Slides para sa 3 Development Centers ng Imus

### GOVERNANCE
| Page 5

*AAngat Insurance Cards para sa 5,000 linkod bayan ng Imus

### INFRASTRUCTURE
| Page 4

*48 Units ng Led streetlights galing sa 2022 SGLG Incentive Fund

### TOURISM
| Page 6 & 7

*AANI NG PAGMAMAHAL 2024
- * Kasalang Imuseno
- * Feb-Ibig Photo Contest
- * Free Valentine's Trip Contest
- * Single Awareness Contest ng Wish Cong Lang
- * Love Art Fair 2024
  - MagkasintahART
  - TagpuART
  - SINEsinta Kita
  - Pika-PikART
  - AlaalART
  - BazaART




Sa programang ito, lahat ng miyembro ng 37 TODA sa Imus ay binigyan ng gas coupons na maaari nilang ipapalit para makatanggap ng libreng full tank mula sa piling gas stations.

Layunin nitong maibsan ang pasakit na dinaranas ng TODA drivers na dulot ng tumataas na presyo ng gasolina.

## 73 batang bingot at ngongo, inoperahan sa Operation HOPE Medical Mission ng PAGES



Matagumpay ang operasyon ng 73 batang bingot at ngongo sa isinagawang Operation HOPE Medical Mission: Libreng operasyon sa pagkabingot at pagkangongo ng Philippine American Group of Educators and Surgeons (PAGES), katuwang ang Ospital ng Imus, mula noong Pebrero 2–10, 2024 na ginanap sa naturang ospital.

Layunin ng nasabing medical mission na mabigyan ng kaginahawaan at kaayusan ang paghinga, pandinig, at pananalita ng mga batang edad tatlong buwan hanggang 12 taong gulang.

Bago isalang sa operasyon, sinuri muna ang mga bata upang matiyak ang kanilang kaligtasan.

Kinumusta rin ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang mga pasyente bago at matapos ang kanilang operasyon.

Nagkaroon naman ng isang gift giving ang PAGES at ang Imus City Social Welfare and Development Office kasama si Officer-in-charge Josephine Villanueva noong Pebrero 7 sa Children and Youth Center, Pilot Elementary School.

Nagpaabot ng pasasalamat ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa PAGES, mga volunteer, at mga organisasyong naging kaagapay rito sa pamamagitan ng isang salusalo.

## Tanggapan ni Mayor AA, binisita ng kaniyang natulungang magpaopera



Lubos ang pasasalamat ng Imuseñong si Dolores Jamera kay City Mayor Alex "AA" L. Advincula noong Pebrero 12, 2024 dahil sa tulong na natanggap nito upang tuluyang matanggal ang bukol na kaniyang iniinda noon pang 2015.

Isa si Dolores sa mga Imuseñong nakilala at nahatiran ng tulong pangkabuhayan ni Mayor AA sa kaniyang programang "Sugod Bahay" noong Nobyembre 22, 2023.

Naantig ang puso ng alkalde nang malamang may malaking bukol sa leeg si Dolores. Kaya naman, binigyang-tugon nito ang pangkalusugang pangangailangan ng ginang upang maoperahan sa lalong madaling panahon.

# *48 units ng LED streetlights, bunga ng 2022 SGLG incentive fund ng Imus LGU*

Pinasinayaan nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Department of the Interior and Local Government (DILG) Regional Director Engr. Ariel O. Iglesia, at DILG Provincial Director Engr. Danilo A. Nobleza ang 48 units ng LED streetlights nitong Pebrero 28, 2024 sa kalye sa pagitan ng Ospital ng Imus (ONI) at Imus Police Station, Brgy. Malagasang I-G.

Bunga ito ng 2022 Seal of Good Local Governance (SGLG) Incentive Fund na natanggap ng Pamahalaang Lungsod ng Imus mula sa DILG.

Naganap din ang isang ceremonial signing na pinangunahan nina Mayor AA at Engr. Iglesia kaugnay ng naturang proyekto.

Saksi rito sina DILG Cluster Head A Nencita Costelo, DILG Imus City Local Government Operations Officer Ryan Joseph Geronimo, Chief of Hospital Dr. Gabriel Gabriel ng ONI, Chief Officer PLTCOL Jack Angog ng Philippine National Police Imus, City Administrator Tito Monzon, Chief of Staff Allen Atienza ng Congressman's Office, Special Assistant to the Mayor Jeff Purisima, Engr. Chris Sarno ng City Engineering Office, Junar Alamo ng Civil Security Unit, at Punong Barangay Mark Oliver Valerio ng Malagasang I-G.

Iginagawad ang SGLG sa mga lokal na pamahalaang nakapasa sa pamantayan ng DILG sa 10 performance areas.



# Bagong playground slides, handog nina Mayor AA, Cong. AJ sa 3 child development centers sa Imus

Inihatid nina City Mayor Alex “AA” L. Advincula at Congressman Adrian Jay “AJ” C. Advincula ang mga bagong playground slide sa tatlong child development centers na kinabibilangan ng Patio Tirona sa Brgy. Malagasang II-D, Little Fingers sa Brgy. Malagasang II-A, at Woodlane sa Brgy. Malagasang I-B noong Biyernes, Pebrero 2, 2024.

Ipinagkaloob din ng lokal na pamahalaan, sa pamamagitan ng Local Council for the Protection of Children, ang mga bagong TV at laruan na magagamit ng mga bata sa kanilang pagkatuto.

Nakatanggap din ang mga chikiting ng happy meal toys mula sa McDonald’s Philippines.

Inihayag naman ni Mayor AA ang planong pagtatatag ng livelihood training center malapit sa mga child development center upang mapayabong pa ang kaalaman ng mga magulang habang sila ay naghihintay sa kanilang mga anak.

Samantala, ibinahagi ni Cong. AJ ang muling paglunsad ng kaniyang programang dental mission para sa pangangalaga ng mga ngipin ng mga batang Imuseño.






# AAngat Insurance Cards: Personal na handog nina Mayor AA at Cong. AJ sa 5,000 lingkod bayan ng Imus

Upang masigurong protektado ang buhay at kalusugan ng mga lingkod bayan ng Imus, inilunsad ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang personal nilang handog ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula na AAngat Insurance Cards nitong Pebrero 14, 2024 na ginanap sa Function Hall ng New Imus City Government Center.

Sa kaniyang talumpati, ibinahagi ni Mayor AA ang dahilan kung bakit mula sa sahod nila ni Cong. AJ at hindi ang pondo ng pamahalaan ang ginamit para mabigyan ng life insurance ang mga frontliner ng lokal na pamahalaan.
"Kailangan insured lahat [ng] mga frontliner natin dahil kayo ang naglilingkod, kayo ang nagtatrabaho sa lokal . . .
Sabi ko, 'Sige lahat ng suweldo ko ilagay diyan.' Gusto ko insured lahat [ng] mga lider ng ating lungsod."
Ayon pa kay Wilson Tseng, Chief Business Officer ng Igloo Broker Philippines, eksklusibo sa lokal na pamahalaan ng Imus ang naturang insurance.

Ipinaliwanag naman ni Mr. Gabriel Soriano, head ng Corporate Sales ng Standard Insurance, ang saklaw ng mga benepisyo na kinabibilangan ng death or permanent total disability, unprovoked murder and assault, medical reimbursement, burial expense, at daily hospital cash assistance bunsod ng aksidente nang hindi lalagpas sa 30 araw na pananatili sa ospital.




Nagbigay-pagbati rin sina Liga ng mga Barangay President Reymundo "RR" Ramirez at Sangguniang Kabataan Federation President Glian Ilagan.

Nabigyan na ng insurance cards ang ilan sa mga serbisyo publikong kinabibilangan ng mga punong barangay, kagawad, treasurer, secretary, barangay health worker, barangay nutrition scholar, tanod, at eco-aide.

Nakatakdang makatanggap ng insurance ang naturang humigit-kumulang 5,000 lingkod bayan.

Nakasama rin mula sa Igloo sina Head of Business Development Mark Anthony Velez, Industry Account Manager Trina De Leon, Accreditation and Process Improvement Manager Jan Carlo Casupanan, at Broker Support Executive Love Daligdig.

Katuwang sa AAngat Insurance Cards ang Igloo Brokers Philippines at Standard Insurance.



# AAni ng Pagmamahal

Mga pusong puno ng pagmamahal ang nangibabaw sa Imus sa pagdiriwang ng Buwan ng mga Puso at ng Pambansang Buwan ng mga Sining ngayong Pebrero 2024.

Bumungad sa serye ng mga pagdiriwang ang hugis pusong traffic lights na gumabay sa mga motoristang binabaybay ang kahabaan ng Gen. Emilio Aguinaldo Highway mula noong Pebrero 1–29, 2024.

## *Kasalang Imuseño: 36 na magkabiyak, buena manong ikinasal ngayong taon*



Damang-dama ang pag-iibigan ng 36 na pares ng mga Imuseñong ikinasal ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula noong Pebrero 7, isang linggo bago ang Araw ng mga Puso, sa Kasalang Imuseño, "AAlagaan ka habang buhay."

Bukod sa appliance at monetary gift, pinayuhan din ng alkalde ang mga mag-asawa na sa dulo ng lahat ay sila pa rin ang magdadala sa kani-kanilang mga buhay. Nakasama rin sa seremonya si Deputy Chaplain Ramil Ilano na nanguna sa pagbabahagi ng Salita ng Diyos.

Sa kasalukuyan, 425 pares na ang naikasal ni Mayor AA.




Staycation package at romantic dinner date naman ang Feb-ibig gift ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula sa 10 Imuseñong umani ng pinakamaraming puso sa ibinahagi nilang larawan ng taong nais nilang makasama sa Araw ng mga Puso sa official Facebook page ng kongresista.

Ang unang limang pares na nanalo ay nakatanggap ng one-night stay sa Solaire Resort at P5,000, habang ang sumunod na limang pares ay hinandugan ng romantic dinner date sa naturang resort at P3,000.





Handog na Trip to Boracay ang Valentine's treat nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula at Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula sa tatlong Imuseño couples na nagpaantig sa kanilang mga puso matapos magbahagi ng hindi malilimutang romantic experiences sa official Facebook page ni Mayor AA.

Lumipad sa Boracay ang mga nanalo noong Pebrero 14–16, 2024. Bahagi ng Free Valentine's Trip ang plane tickets, accommodation, at pocket money na P10,000.




Para kay Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, ang buwan ng pag-ibig ay hindi lamang para sa mga may kapares dahil para din ito sa mga single at punong-puno ng pagmamahal sa kanilang mga sarili!

Sa pamamagitan ng panonood at pag-share sa Wish Cong Lang noong Pebrero 15, 20 masusuwerteng Imuseño ang nanalo ng isang libong piso.




Muling umani ng pagmamahal ang Love ARTFair sa ikalawang taon nito ngayong Pambansang Buwan ng mga Sining, may temang "Ani ng Sining, Bayang Malikhain," sa pangunguna ng Imus City Tourism and Heritage Office (CTHO) na pinamumunuan ni Dr. Jun Paredes.

Opisyal na sinimulan ang art fair noong Pebrero 9, kung saan binuksan ang BazART at Pika-pikART tampok ang mga produktong likha ng mga artistahing Imuseño, SINEsinta Kita, TagpuART para sa pagpaparehistro sa Imus City Artist Registry ng mga Imuseñong alagad ng sining, at IMUS AlaalART Mural Painting.

Binuksan din ang entablado ng MagkasintahART para maipakita ng mga Imuseño ang kanilang malikhaing talento sa sining. Una nang idinaos dito ang isang pottery workshop na pinangunahan ni Kimberlyn Sy, pagtugtog ng Commonwealth Band, pagdaos ng light and shadows sand art show, at pasalitang tula sa open mic.

Pagguhit at pagpinta ang naging sentro noong Pebrero 16 sa hatid na Basic Drawing Workshop for Kids at for Youth and Adults at sa Free Basic Acrylic Painting Workshop nina Roy Abihay at John McRay Haplasca.

Espesyal din ang naganap na "Kuwentuhan na sa Plaza . . . Mga Bata, Tara Na! sa Buwan ng mga Sining" sa pagsasabuhay ng Tutu Dance Studio ng kuwentong "Ang Uhaw na Uwak," bersyon ni Boots S. Pastor, sa pamamagitan ng isang ballet dance na isinalaysay ni Isaac Refruto.

Sa huling araw ng Love ARTFair noong Pebrero 23, nagkaroon ng isang eksibit tampok ang mga artwork na produkto ng mga workshop, signing ceremony ng Imus AlaalART Big Letters Mural, at pagharana ng mga Imuseñong musikero sa pamamagitan ng acoustic performance.

Binigyang-pagkilala rin ang mga lumahok na naging dahilan ng matagumpay na AAni ng Pagmamahal: Love ARTFair 2024.

Ipinagdiriwang tuwing Pebrero ang Buwan ng mga Sining alinsunod sa Proklamasyon Blg. 683, taong 1991.



## IMUS, MULING PUMASA SA 2023 GOOD FINANCIAL HOUSEKEEPING




Kabilang muli ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa mga pumasa sa Good Financial Housekeeping ng Department of the Interior and Local Government (DILG) para sa taong 2023.

Iginagawad ang Seal of Good Financial Housekeeping (SGFH) sa mga lokal na pamahalaan na napatutunayang tumatalima sa accounting and auditing standards, rules, and regulations ng DILG. Isa ang SGFH sa mga mahahalagang pamantayan para makatanggap ng Seal of Good Local Governance.

## IMUS YOUTH AFFAIRS OFFICE, MOST DISTINGUISHED LYDO SA 4TH YOUNG SDG CHAMPION AWARDS




Hinirang na Most Distinguished Local Youth Development Office (LYDO) ang City of Imus Youth Affairs Office (YAO) sa Fourth Sustainable Development Goals (SDG) Champion Awards ng Philippine Young Leaders' Convergence (PYLC) na ginanap nitong Pebrero 18, 2024 sa lalawigan ng Misamis Occidental.

Kinikilala ng Young SDG Champion Awards ang mga youth organization at indibiduwal na nagsusulong sa positive youth development ayon sa United Nations Sustainable Development Goals. Isa ang Imus sa anim na LYDOs na binigyang-pagkilala.



## IKA-79 ANIBERSARYO NG LIBERASYON NG IMUS MULA SA MGA HAPONES, INALALA

Sa pangunguna ng Imus City Tourism and Heritage Office (CTHO), inalala ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang ika-79 na Anibersaryo ng Liberasyon ng Imus mula sa puwersa ng mga Hapones noong Pebrero 4, 2024 sa Imus City Plaza.


Nag-alay ng bulaklak ang CTHO sa panandang pangkasaysayan ng 13 martir ng Imus na inialay ang kanilang mga buhay noong panahon ng pananakop ng mga Hapones.

Kinilala ang mga martir na sina Col. Fidel Narciso Cruz, Mayor Elpidio Ilano Osteria Sr., MD, Dr. Andres Virata Dominguez, Dr. Modesto Topacio Mascardo, Dr. Lazaro Ramos Ilano, at Dr. Jose Ramirez Sapinoso na hindi na natagpuan ang mga labi.

Kabilang din sina Benigno Rementilla Manela, Reynaldo Crisostomo Buenaventura, Jose Ramos Ramirez, Mauricio Topacio Reyes, Alfredo Ramirez Reyes, Modesto Sarao Virata, at Gregorio Ramirez Rodriguez na natagpuan ang mga labi sa Dasmariñas, Cavite at iniuwi sa Imus.

Sa pamamagitan ng tapang ng mga Pilipino at ng hukbong Amerikano, nakamtan ng Imus ang kalayaan mula sa mga Hapones nang pasabugin ng mga ito, gamit ang gasolina at granada, ang arsenal na pinagkubkuban ng mga sundalong Hapones.

Dahil dito, napigilan ang pagpapasabog sa Tulay Isabel, at tuluyang napalaya ang bayan ng Imus mula sa mga mananakop.





## EDITORIAL BOARD

**Editor-in-Chief:**
Ervin Ace H. Navarette

**Managing Editor**
Nikki Elline C. Barco

**Head Writer:**
Francesca Mandac

**Art Director:**
Elai Lardizabal
Thea Castillo

**Photo Credits:**
City Information Office
City Tourism and Heritage Office
Office of the Congressman


IMUS CIO CITY INFORMATION OFFICE
2nd floor, Imus City Government Center, Imus Boulevard, Malagasang I-G, City of Imus, Cavite